

ANG KAAYUSAN SA PAGSAMBA PARA SA EARTH DAY

Linggo, ika-24 ng Abril 2016

SALITA NG PAGNINILAY-NILAY

Only when the last tree has died, and the last river has been poisoned, and the last fish has been caught, will we realize that we cannot eat money. ~Cree Indian Proverb

PANIMULANG TUGTUGIN

INTROIT

PROSESYUNAL (Pagdadala ng mga halimbawa ng kalikasan, halimbawa tubig, tanim, lupa)

PAGBUBUKAS NG BIBLIA AT PAGSISINDI NG KANDILA NI KRISTO

*TAWAG SA PAGPUPURI AT PAGSAMBA

Awit 19

Patnugot: Ang Kaluwalhatian ng Dios ay ipinapahayag ng kalangitan! Ang ginawa ng kanyang kamay, ipinapakita ng kalawakan!

Kapulungan: sa bawat araw at gabi, pahayag ay walang patlang, patuloy na nagbibigay ng dunong at kaalaman!

Patnugot: Wala silang tinig o salitang ginagamit, wala rin silang tunog na ating maririnig!

Kapulungan: Ngunit abot sa lahat ng dako ang kanilang tinig, balita ay umaabot hanggang sa dulo ng daigdig!

*AWIT NG PAGPUPURI

THS 21

Kadakilaan Mo Oh Dios

Kadakilaan mo, Oh Dios sinasaysay ng bawat tanawing aking minamasdan
Kapangyarihan Mo sa puso'y nakintal kaya magpupuri habang nabubuhay

Sa hangin at bundok, sa tubig at lupa, sa dagat at batis, sa bawat nilikha
Kapangyarihan Mo, doo'y nababadha, kaya't kagalakan ang magpuring kusa

Oh Dios dakila Ka, dakila kailanman, puso'y sumisigaw, di ko mapigilan
Kadakilaan Mo ay aking isaysay, kalwalhatian Mo na di mapaparam

*IMBOKASYON (Sabay-sabay)

Mahabaging Dios na aming magulang, kami ngayon ay lumalapit sa inyo upang ipanalangin ang kapakanan ng aming planeta. Ikaw lamang ang nakakaalam ng totoong pinsala na aming nagawa sa Iyong mundong nilikha. Idinadalangin namin ang aming mga kapwa sa buong daigdig na nagdusa't naapektuhan dulot ng pinsalang aming nilikha. Idinadalangin din namin ang Iyong nilalang na ngayon ay unti-unti ng nawawala dahil sa aming kasakiman at kamangmangan. Idinadalangin namin ang aming mga ilog, dagat, hangin, kabundukan, halaman, at kalupaan. Dalangin namin na magkaroon nawa ng pagbabago ang aming mga puso at itigil na ang patuloy na pang-aabuso at pananakit sa aming planeta. Ibuhos mo nawa o Dios ang Iyong Espiritu sa amin para magkaroon kami ng sigasig na kumilos upang mapanumbalik ang kagandahan ng sangnilikha. Gabayan nyo po kami sa aming mga pansarili, kongregasyonal, at pampamayanang pagsisikap na maipagtanggol at mapangalagaan ang kalikasan. Bigyan nyo kami ng lakas na magpatuloy sa tuwing nararamdaman namin ang hirap at sakripisyo.

Pagpalain nyo nawa ang mundo, ang lahat ng aming mga pagdiriwang, mga programang magtataguyod sa kapakanan ng kalikasan, at mga proyektong nagpapakita ng aming pagpapahalaga sa iyong dakilang nilalang. Tulungan nyo kaming italaga ang aming mga buhay sa pagpapanumbalik sa kadakilaan ng sangkatauhan. Amen.

Tugong Awit

MASP 263

Sa Puso Ko

LITANYA NG PAGSISISI

Patnugot: Tapat na Dios, kami ay nagkasala. Kami ang nagdulot ng unti-unting pagkaubos ng iba't ibang uri ng iyong nilikha, ng aming mga iba't ibang kultura at wika, at tinalikdan namin ang Iyong kabutihan ganun din ang kapakanan ng aming kapwa at ng kalikasan.

Kapulungan: Patuloy kaming nagkakasala, tuwing aming ipinagwawalang bahala ang ilan na patuloy na umaabuso sa Iyong nilikha, at hinahayang masira ang mga kabundukan at mga ilog para sa kabutihan ng iilan lamang.

Patnugot: Patawarin mo nawa kami Kung ipinalagay namin na kayang gamutin at ipagtanggol ng kalikasan ang kanyang sarili kahit wala kaming gawin bilang iyong katiwala.

Kapulungan: Tulungan mo ang bawat isa na lumago sa aming mga pang-unawa sa aming mga sarili, sa isa't isa, at sa mundong iyong ginawa.

Patnugot: Sa aming mga pagkakamali, tulungan nyong masumpungan namin ang pagkaunaawa at tapang na mabago ang aming mga buhay at maitama ang lahat.

Kapulungan: Sa aming mga konsensya at takot, tulungan nyo kaming masumpungan ang kalayaan na mabuhay ng payak, malayang nakapagpapahayag, at kumilos ng may katarungan! Amen.

KASIGURUHAN NG KAPATAWARAN (Pastor) II Mga Cronika 7:13-14

TUGON

Kapahayagan ng Pananampalataya ng UCCP

PANALANGIN NG BAYAN NG DIOS

Patnugot: Panginoon ng sangnilikha, puno ng pasasalamat at pagkamangha ang aming mga puso sa kadakilaan ng Iyong nilikha! Umaasa kami sa kasaganaan ng kalikasan na syang umaagapay sa aming mga kalusugan at kalakasan. Ang aming mga pagkauhaw ay tinutugunan ng malinis na tubig. Salamat sa mga ilog at mga karagatan. Ang aming gutom ay ay tinugtugunan ng masaganang ani. Salamat sa mga pataniman na punong-puno ng pagkain. Kami ay inaaliw, sinasamahan at minamahal ng mga kaibigan at pamilya. Malaya kaming lumikha, gumawa, at kumalinga.

Kapulungan: Araw-araw tayo ay napapaalalahanan: lahat ng buhay ay nakaugnay sa lahat ng may buhay.

Patnugot: Puno ng lungkot ang aming mga puso dahil sa pagkasira ng mundo ng dahil din sa aming mga kagagawan. Inabuso namin ang kasaganaan ng kalikasan at nilapastangan ang kanyang kagandahan. Ang aming pagkauhaw sa mga likas yaman ay parang walang hanggan. Ang mga lupa at tubig ay namatay sa aming mga kamay. Ang aming paghahangad sa kapangyarihan ang nagbunsod na saktan ang kalikasan, apihin ang isa't isa, at malayang kinakamkam at pinapatay ang mundong ating tahanan.

Kapulungan: Araw-araw nalilimutan natin: lahat ay umaasa sa lahat ng may buhay.

Patnugot: Patatagin mo ang aming mga puso at patuloy na bigyan ng pag-asa na magkakaroon ng bagong langit at bagong lupa. Mapalakas nawa kami ng lahat ng kagandahan at kabutihan ng iyong mga likha. Ang aming pagkauhaw sa katarungan ay walaawang katapusan; ang aming

pagkagutom sa kapayapaan ay magbukas nawa ng mga bagong paraan ng pamumuhay, makasusumpung ng kagalakan; at aalayayan ang isat isa. Maging malaya nawa tayong magbahagi, makiisa at lumago.

Lahat: Araw-araw, natututo tayo: lahat ng buhay ay nakasasalay sa lahat ng may buhay. Amen.

ANG PAGBABATIAN

ANG SALITA NG DIYOS

Pahayag 21:1-6

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE SA SALITA

ANG PAGHAHANDOG NG BUHAY AT TINATANGKILIK

Tawag sa Pagkakaloob (Patnugot)

II Corinto 8:8-12

***Doksolohiya**

***Panalangin ng Pasasalamat (Diakono)**

***AWIT NG PAGTATALAGA**

MASP 98

Kung Masdan Ko ang Lahat

Kung masdan ko ang lahat ng nilikha ng kamay Mo na lubhang dakila
Kung tingnan kong may puspos ng paghangang ginawa Mo na buhat sa wala.

Koro: Sumisigaw O Dios ang puso ko, dakila ang pag-ibig Mo
At ang taghoy ng puso sa iyo, Dakila ang pag-ibig Mo, (pag-ibig Mo).

Kung sa kulog ikaw ay nagsasaysay, o sa bulong ng hanging amihan
Kung sa kidlat ang kislap ay mamasdan at sa dagat, balaghari'y tanaw.
(Koro)

Sa ilaw ng buhay na walang maliw, ang krus sa aki'y nagbabalik mandin
Bagbag puso na aking babanggitin Panginoon, mahal ka sa akin.

Koro: Awit sa 'yo ng aking kalulwa dakila ka aking Ama
Awit sa 'yo ng aking kalulwa dakila ka, dakila ka.

Kung dumating kang nasa manga ulap, kukunin ang kasintahang tapat
At kung ako sa ligaya'y lalasp Panginoon, kasiyaha'y ganap.
(Koro)

***PANALANGIN NG PAGTATALAGA**

***BENEDIKSYON**

*TUGON

Tatlong Amen

RESESYONAL

